Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pangungusap na Langkapan

Kakayahan: Natutukoy ang mga sugnay na bumubuo sa pangungusap na langkapan.

Tukuyin at isulat sa mga patlang ang dalawang sugnay na makapag-iisa (SM1 at SM2) at ang isang sugnay na di-makapag-iisa (SDM) na bumubuo sa bawat pangungusap na langkapan.

1. Masunurin na anak si Lara at lagi niyang pinakikinggan ang payo ng kanyang mga magulang kapag may suliranin siya.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

2. Sundin natin ang mga babalang nakapaskil sa may lansangan at sumunod tayo sa mga batas trapiko upang makaiwas tayo sa anumang sakuna.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

3. Mayaman ang pamilyang Santos ngunit hindi sila masaya dahil madalas silang nakikipagtalo sa isa't isa.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

4. Kapag hindi mo susundin ang mungkahi ng doktor, maaaring lumala ang sakit mo o madadagdagan ang komplikasyong nararamdaman mo.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

5. Dahil pangarap nila na mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak, nagpasyang mag-ibang bansa si Dindo at ang kanyang asawa ang namahala sa maliit nilang negosyo dito.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

6. Mahihina ang katawan ng mga bata at malimit silang magkasakit sapagkat kulang ang ibinibigay na pagkain sa kanila.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

7. Ilista mo ang mga sangkap na bibilhin at isulat mo ang presyo ng bawat sangkap upang malaman natin ang kabuuang halagang kakailanganin natin sa palengke.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

8. Bagaman isang mahiyain na probinsiyana si Dolores, sumama siya sa lakad ng barkada ni Tess at nasiyahan siya sa mga ginawa nila sa *mall*.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

9. Kung mahusay ka sa pagpaplano ng iyong gawain, maiiwasan mo ang pag-aksaya ng oras at magagawa mo ang iyong mga ninanais.

SM1 _____

SM1 _____

SDM _____

© 2014 Pia Noche